# Early Childhood Care at Development Services, palalakasin ni Joy B

Dahil sa ang edukasyon ay isa sa mga pangunahing adbokasiya ni Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte, makikipagtulungan siya sa Philippine Business for Education (PBED) para higit na mapaganda ang kalidad ng Early Childhood Care and Development (ECCD) sa QC.

"We want to improve our ECCD education because we know that, at that age, marami talagang puwedeng ma-absorb yung mga bata from from 0-4," ayon kay Belmonte.

Inilahad din ni Belmonte na bukod sa panghihikayat sa mga bata na maglaro, ang ECCD din dapat ay nagbibigay-halaga sa pag-aaral.

Magbibigay ang PBED ng mga module sa mga guro na makakatulong para mapadali ang "early learning" sa mga daycare. Ayon din kay Belmonte, ang mga module na ito ay ginawa upang maiugnay ang pinag-aralan sa daycare at sa kindergarten.

Maglalaan din ang PBED ng iba pang mga reading material para sa mga estudyante sa daycare lalo na't ayon kay Belmonte, maraming mga kapus-palad na bata ang walang sariling libro.

Ang PBED ay isang non-profit organization na itinayo ng mga top CEO's sa bansa taong 2006. Ayon sa kanila ito ay ang "business community's response to the need for greater education and economy alignment" sa bansa. *(Angie dela Cruz)*